Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 1
## Paggawa ng Patalastas at Usapan gamit ang Ibat-ibang Bahagi ng Pananalita



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Raquel A. Ompad
**Editor:** Raquel A.Ompad
**Tagasuri:** Lilibeth C. Trayvilla
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Josephine L.Tomboc, EdD



# Alamin

Magandang araw sa iyo kaibigan!Kumusta ka na?Nasubukan mo na bang gumawa ng patalastas?Paano mo ba ito ginagawa?

Sa modyul na ito,ay inaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan.

- Nakagagawa ng patalastas at usapan gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita.**( FWG-IVb-i-10)**.

May mga gawain akong inihanda para sa inyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.



# Subukin

Isulat ang **T** kung **Tama** ang ipinapahayag ng pangungusap ay tama **M** naman kung **Mali**. Itala sa inyong sagutang papel.

1. Ang patalastas ay isang paraan ng pag-aanunsiyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng komunikasyon.
2. Maaari nating mahimo an gating mamimili na bumili ng ating produkto sa pamamagitan ng pasalita na pamamaraan.
3. Ang pag-aanunsiyo ng produkto ay hindi pwede sa facebook.
4. Ang mga produkto na nais mon a bilhin ay sa radio lamang napapakinggan.
5. Ang mga pahayagan, billboards at social media ay epektibong gamitin sa pagpapatalastas ng produkto.



# Balikan

Noong nakaraang lingo ay natalakay natin ang tungkol sa pagsulat ng tula at sanaysay na naglalarawan. Ngayon subukin natin ang iyong kaalaman kaugnay dito. Tara! Sagutin natin.

Isulat ang salitang **TSEK** kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay patungkol sa Pagsusulat ng tula at salitang **EKIS** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang isang manunulat ng tula ay dapat inspirado at may malikhaing pamamaraan sa pagsulat.
2. Sa pagsulat ng kwento, hindi na dapat aalamin kung sino ang babasa ng teksto.
3. Maaaring gumamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita sa ang isang makata.
4. Hindi dapat sapilitan ang pagsulat nito dapat may emosyong maipapaloob dito.
5. Pag-isipang mabuti kung anong paksa ang isusulat.



# Tuklasin

**Panuto**: Basahin ang mailkling usapan at sagutin ang tanong sa ilalim nito.Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Ang Magkaibigan**

Matalik na magkaibigan sinaRalph at Macky**.**Turing nila sa isa't isa ay parang tunay na magkapatid.

Isang araw dali daling nagtungo si Ralph sa bahay ng kaniyang kaibigan upang ibalita na muli na namang nagbukas ang Tambulig Mountain Spring resort at nais niyang idaos ang kaniyang ika-labing isang kaarawan doon.Iimbitahan niya ang kaniyang kaibigan na maligo at mamasyal kasama ang pamilya.

Ralph: Macky! Macky! Halika na dalian mo!"

Aling Saring: O, Ralph bakit tila napakataas ng enerhiya mo?

**Ralph**: "Magandang umaga po Aling Saring! Gusto ko,po sanang iimbitahinkayo sa aking kaarawan ngayon,doon po sa Tambulig Mountain Spring resort.Nabalitaan ko po kasi na nagbukas na po ang kanilang bagong harden ng mga iba't ibang klase ng bulaklak mahilig po kayo sa bulaklak di po ba?

Aling Saring: Oo gusto ko na pumunta doon para makabili na rin ng mga bagong bulaklak.Salamat sa imbitasyon mo.

( Biglang dumating si Macky at sumali na sa usapan)

Macky: Ohhh! Talaga Ralph? Totoo ba yong narinig ko na pupunta tayo sa bagong bukas na resort?Nakita ko nga rin yon sa facebook at totoong napakaganda.Sigurado ako na maraming turista ang dadayo sa ating lugar.

**Ralph**: Totoo yon.Sige maghanda na kayo! Ililibre ko po kayo ng entrance fee sa murang halaga na tatlumput limang piso yon ay para sa mga katandaan at para naman sa mga kabataang tulad natin ay biyente pesos lamang masaya na nating lilibutin ang resort.

Pagdating nila sa resort ay agad- agad na nagtungo ang dalawa sa bagong gawa na kiddy pool masaya silang naligo at dumausdos sa slide,sumakay ng salbabida,kumain ng masasarap na pgkain na inihanda ng kaniyang nanay at tatay.Masaya at galak na galak si Ralph sa kaniyang selebrasyon.Nagpakuha sila ng larawan doon sa mga nagagandahang bulaklak sa may harden na may entrance fee na 20.00 na siyang itinuturing na pinakamagandang tanawin ng lugar.Nag ikot- ikot ang buong pamilya sa resort. Pinuntahan ang magarbong cottages at tindahan tulad ng kapeterya at nanuod pa sila ng banda at labis silang napahanga sa ganda nang boses ng mga mang-aawit.Pagsapit ng alas diyes ng gabi naisipan na nilang umuwi upang makapagpahinga na.

**Ralph**: Maraming salamat Tatay at Nanay naging napakasaya ko sa aking kaarawan.Maraming salamat Macky at Aling Saring sa pagpapaunlak sa aking imbitasyon.
Masayang umuwi ang bawat isa dala ang ngiti sa mga labi matapos ang kasiyahan.

A. **Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa usapan.Isulat ang letra ng tamang sagot.**

1. Sino ang dalawang magkaibigan sa usapan?
   A. Allan at Bert　　C. Macky at Ralph
   B. Marko at Macky　　D. Macky lang

*2.* Ano ang *paksa* ng kanilang pag-uusap?
   A. Bagong bukas na Spring Resort ng Lungsod
   B. Ipinagmamalaking Palengke ng lungsod
   C. Peryahan sa plasa
   D. Shopping mall

3. Paano mo mailalarawan ang uusapan ?
   A. Malinaw　　C. Nakababagot
   B. Magulo　　D. Nakalilito

4. Gustong gawan ni Ralph ng patalastas ang bagong bukas na resort para mas makilala ito. Alin ang angkop at pinakamabisang uri ng patalastas ang gagawin ni Ralph?
   A. Pasalita　　C. telebisyon o radio
   B. nakalimbag na patalastas　　D. social media

5. Kung ikaw si Ralph magpapasalamat ka rin ba ng taos sa puso sa iyong mga magulang? Bakit?
   A. Oo bilang pagtanaw ng malaking utang na loob
   B. Hindi kasi bongga ang handa
   C. Baka kung neregaluhan ako
   D. Wala sa lahat ng nabanngit



# Suriin

Ano ang Patalastas?

- Ang **Patalastas** isang paraaan ng pag aanunsiyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng ibat –ibang anyo ng komunikasyon.
- Ginagamit ang patalastas upang mahikayat o mahimok ang mga tao upang magpatuloy,gumawa ng isang kilos o lalong tangkilikin,gumawa ng isang kilos,o lalong tangkilikin ang isang produkto o serbisyo.
- **Mayroong apat na uri ang Patalastas**

1. **Pasalita** – ginagamit ang bibig upang ianunsiyo ang produkto.
   Hal. Ballot penoy,hopia mani popcorn,taho

2. **Nakalimbag na Patalastas** – tulad ng mga nakadikit sa poste nakaimprinta sa diyaryo sa magasin at mga billboard.

3.**Napapanood sa telebisyon at napapakinggan sa radio** –dahil sa mas malinaw na napapanood at napapakinggan at mas nagiging kaaya ayang pakinggan ang produkto.

4.**Patalastas sa social media** –mas marami ng tao ang gumagamit nito halimbawa ay ang facebook at Instagram.

**Paano nga ba bumuo o gumawa ng isang patalastas**?

- **Alamin kung sino ang target** na bibili o tatangkilik sa produkto o serbisyo halimbawa bata,matanda,nanay,tatay,guro ano ang kaniyang trabaho?
- **Alamin ang pangangailangan na maaring tugunan ng produkto** halimbawa kung tag araw ang iyong lugar ay malapit sa dagat ang iaalok mo na produkto ay tsinelas na maaring gamitin sa beach.
- **Suriin kung anong katangian ng produkto** ang dapat bigyan ng kahalagahan o diin halimbawa hindi na kayilangan ang cellphone na may apat na camera, mas kailangan ng mga tao ngayon ng cellphone na mabilis at madaling gamitin sa on line na klase kung gayon mas bigyang diin ang mga katangiang ito para masiguro na maraming mamimili.
- **Maging malikhain** sa paggawa ng patalastas-pag isipang mabuti kung anung kulay ang gagamitin anong uri ang gagawing patalastas.Maaring gumamit din ng **tag line** na madaling tandaan at magpapaalala sa mga tagatangkilik o sa mga target na mamimili ng produkto o serbisyo.
- Sa paggawa ng patalastas maaring gamitin ang ibat ibang **bahagi ng pananalita**.

**Ano ang usapan?**

Ito ay pakikipagtalastasan o pakikipag-unayan sa iyong kapwa tao upang makapagbahagi ng impormasyon.

Sa pag-uusap kinakailangang isa-alang-alang ang sumusunod:

1. Kakikitaan ng paggalang sa isa't-isa.
2. May matapat na layunin sa pakikipag-usap.
3. May palitan ng ideya. Huwag solohin ng isa sa sinumang nag-uusap.
4. Ang pokus ng usapan ay may kinalaman sa interes at karanasan ng nag -uusap.
5. Ang pag-uusap ay likas, bukal at kusang loob.



# Pagyamanin

Upang lubos na masanay ka sa paggawa ng patalastas at usapan gamit ang iba't-ibang bahagi ng pananalita, isagawa mo ang ang mga gawain sa ibaba.

Handa ka na ba? Simulan mo na kaibigan…

**Pagyamanin A**

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap na nasa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Tunay nga na kay sarap kainin ang malambot na **<u>burger at french fries</u>** na kay lutong.Ang salitang sinalungguhitan ay nasa anong bahagi ng pananalita?
   A. Pandiwa C. Pantukoy
   B. Pangngalan D. Pangatnig
2. **Sina** Jugz at Teddy ay kapwa sumisigaw ng" balot penoy! po kayo riyan."habang naglalako ng kanilang paninda. Anong **salitang pantukoy** ang ginagamit para sa dalawang pangalan?
   A. at C. balot at peno
   B. kapwa D.sina

3. Para laging **<u>protektado</u>** ang pamilya sa mikrobyo at virus maging wais sa pagpili ng sabon. Anong bahagi ng panalita ang sinalungguhitang salita?
   A. Pangatnig C. Panghalip
   B. Pandiwa D. Pang-uri

4. Para kanino ka **<u>bumabangon</u>**?Ang kasama kong bumangon ay ang aking mainit na kape tuwing umaga.Ang salitang sinalungguhitan ay___________.
   A. Pandiwa C. Pang-ukol
   B. Pang-abay D. Panghalip
5. Hanggang saan aabot ang P20.00 pesos mo?Chillax! Sa sorbetes na matamis **<u>talagang</u>** sulit ang bayad mo masarap na! abot kaya pa.
   A. Pantukoy C. Pang-abay
   B. Pangatnig D. Pang –ukol

**Pagyamanin 2**

**Panuto:** Gumawa ng pasalita na patalastas tungkol sa mga sumusunod na produkto. Matapos itong gawin,gamitin ang rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 10 sa tulong ng iyong kaklase,magulang o kapatid.

1. Puto,kuchinta at taho
2. Isda

**Pagyamanin 3**

**A.** Basahin at isulat ang salitang nawala upang mabuo ang usapan.Piliin ang sagot sa kahon at isulat ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Badyet | Sorbetes 3 N 1 |
| P10.00 | 3 pataas |
| Ice cream | kaarawan |

**Sorbetes 3 N 1**

Boyet: Ayyyy..wala yong birthday wish kong _________?
Tatay:Hindi kinaya ng __________?
Nanay: Kaya!
Lucas: Dahil P10.00 na lang ang ___________.Surprise!sa tatlong paborito mong flavors_______pesos lang.Happy___________basta maparaan....P10.00 lang.Happy! happy!happy kaarawan.



# Isaisip

Handa mo na bang ilahad ang iyong natutuhan sa araling ito? Sige, gawin ang mga sumusunod na gawain.

Panuto: Punan ang patlang kaugnay sa paksang tinatalakay upang mabuo ang diwa ng pangungusap.Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang ______________ isang paraaan ng pag aanunsiyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng ibat –ibang anyo ng komunikasyon.
2. Mayroong apat na uri ang Patalastas ito ay ang____________, _____________,______________,______________.
3. Ang ______________ ay mga salitang nagbigay tatak sa produkto upang hindi agad makalimutan ng mga mamimili ang produkto.
4. Sa paggawa ng patalastas maaring gamitin ang ibat ibang ____________.
5. __________________isa sa mga katangian na dapat taglayin sa paggawa ng patalastas pag isipang mabuti kung anung kulay ang gagamitin anong uri ang gagawing patalastas.
6. Ano –ano ang mga dapat tandaan sa paggawa ng isang usapan? ____________, _____________, ______________, ________________.



# Isagawa

**Panuto:** Sumulat ng isang maikling usapan ayon sa sitwasyong nasa loob ng kahon.

> Nagkaroon ng pagpupulong ang mga mag-aaral sa Grade VI tungkol sa gaganaping Clean up Day.

| Rubrics sa Pagsulat ng Usapan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Pagsunod sa uri ng anyong ipinasusulat | | | | | |
| Wastong gamit ng mga salita/balarila | | | | | |
| Pagkakaugnay ng mga ideya | | | | | |



# Tayahin

**Panuto:** Gumawa ng patalastas gamit ang mga salitang nakasulat sa mga strips upang maipakita ang iyong kahusayan sa paggawa ng patalastas.Gawing basihan ang rubrics sa paggawa.

| | | |
|---|---|---|
| Tambulig Mountain Spring Resort | Botanical na harden bayad ay P20.00 | Bayad para sa bata: P20.00 Matanda: P35.00 |
| Malinis malamig na tubig,luntiang Kapaligiran | Kapamilya,kaibigan Katrabaho,espesyal na tao | Maghugas ng kamay at magsuot ng facemask faceshield |
| Panatilihin ang social distancing | Maligo at magpahinga sa pambata at pangmatanda na swimmingpool | Live band tuwing Sabado at Linggo. |

| Rubric sa Pagmamarka ng Paggawa ng Patalastas | |
|---|---|
| **Pamantayan** | **Puntos** |
| Nilalaman(Malinaw at angkop ang tema.Panghihikayat sa turismo.) | 2 |
| Gramatika (Nagamit ng wasto ang wikang Filipino sa rehistro kanyang kinabibilangan.) | 2 |
| Malikhain (Gumamit ng mga material katulad ng larawan,krayola,at iba pa o maari din itong gawing on line) | 2 |
| Orihinalidad(Orihinalidad ng tag line na ginamit) | 2 |
| Kabuuan | 10 |

# Karagdagang Gawain

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagsulat ng patalastas?Para hindi mo makalimutan, magsanay ka pa.

**Sumulat ng isang patalastas tungkol sa isang sikat na tanawin na ipinagmamalaki ng ating bansa na madalas dinarayo ng mga turista.**

______________________________

**Pamagat**

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Matapos itong gawin,gamitin ang rubrics o pamantayan sa pagmamarka na nasa itaas.

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN:**
1. T
2. T
3. M
4. M
5. T

**BALIKAN:**
1. TSEK
2. EKIS
3. TSEK
4. TSEK
5. TSEK

**TUKLASIN**
1. C
2. D
3. C
4. C
5. A

**TAYAHIN**
Sumangguni sa rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 8.

**PAGYAMANIN 1**
1. B
2. D
3. D
4. A
5. C

**PAGYAMANIN 2**
Sumangguni sa rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 8.

**PAGYAMANIN 3**
1. Ice cream
2. badyet
3 Sorbetes 3N1
4. P10.00
5. Kaarawan

**ISAISIP**
1. Patalastas
2.Pasalita,Nakalimbag na patalastas,Napapanood sa telebisyon at napapakinggan sa radio,Patalastas sa social media.
3.Tag line
4.bahagi ng pananalita
5.Maging malikhain

**ISAGAWA**
Sumangguni sa rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 8.

**KARAGDAGANG GAWAIN**
Sumangguni sa rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 9.

# Sanggunian


“[Rubric sa paggawa ng patalastas 6].” Accessed December 2020. https://www.google.com/search?q=rubric+sa+paggawa+ng+patalastas+filipino+6&tbm=isch&ved.

Canillo, Jenie. “Mga makrong kasanayan: Pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat.” Published October 14, 2011. https://www.slideshare.net/JenieCanillo/akietch.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

VibalTV. “Filipino Mondays: Paraan ng paggawa ng tagalog na patalastas.” August 17, 2020. Youtube video, 7:43. https://www.youtube.com/watch?v=xtRZ8eQseqM.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

### The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

### Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;
A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;
Upon whose bosom snow has lain; Who intimately lives with rain.
Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.